











# *Kabanata 21: Mga Babala sa Tropikal na Bagyo at Malakas na Pag-ulan*

## **Mga babalang signal ng tropikal na bagyo**

Sa Hong Kong, karaniwang nangyayari ang mga tropikal na bagyo (tropical cyclone) sa mga buwan ng Mayo hanggang Nobyembre. Ang mga babalang signal sa tropikal na bagyo ay upang babalaan ang publiko sa banta ng hangin na kasama ng isang tropikal na bagyo. Ang klima sa iba't ibang bahagi ng Hong Kong ay hindi maaaring basta matukoy mula sa signal na inilabas. Ang basta pag-alam sa kung ano ang inilabas na signal ay hindi sapat. Dapat mong bigyang pansin ang pinakabagong impormasyon sa tropikal na bagyo at kaugnay na mga balita sa radyo at TV, na ibinigay sa website ng Hong Kong Observatory ([www.hko.gov.hk](http://www.hko.gov.hk) at [www.weather.gov.hk](http://www.weather.gov.hk)) at Dial-a-Weather system (Tel: **1878-200**) upang makapagpasiya sa hakbang na gagawin bilang tugon sa inilabas na signal. Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng kahulugan ng mga babalang signal ng tropikal na bagyo:

<b>Signal</b>	<b>Simbulo</b>	<b>Kahulugan</b>
<b>1</b>		Standby na signal
<b>3</b>		Malalakas na hangin
<b>8 NW</b>		Gale o malakas na hangin mula sa hilagang-kanluran
<b>8 SW</b>		Gale o malakas na hangin mula sa timog-kanluran
<b>8 NE</b>		Gale o malakas na hangin mula sa hilagang-silangan
<b>8 SE</b>		Gale o malakas na hangin mula sa timog silangan
<b>9</b>		Lumalakas na gale o hanging may lakas ng bagyo
<b>10</b>		Hanging may lakas ng buhawi

### ***Mahalalagang punto na dapat tandaan:***

- Depende sa lokal na topograpikong kalagayan o pagkakaroon ng mga katabing gusali, ang hangin sa inyong lokalidad ay maaaring iba mula sa pangkalahatang lakas ng hangin sa buong Hong Kong. Kadalasan nang mas malakas ang hangin sa tubig na malayo sa pampang at sa matataas na lugar. Hindi gaanong malakas ang hangin sa mga lugar na nahaharangan mula sa direksyon ng malakas na hangin.
- Ang Hong Kong Observatory ay naglalaan sa publiko ng detalyadong impormasyon ng hangin at ulan sa rehiyon sa pamamagitan ng sari-saring channel, lalo na ang Internet. Dapat isaisip ng mga miyembro ng publiko ang kanilang sariling kalagayan at antas ng makakayanang panganib kapag gumagawa ng pag-iingat bilang tugon sa mga babala.
- Kapag inilabas ang No. 1 na signal, dapat mong isaalang-alang sa pagpapalano ng iyong mga aktibidad ang pagkakaroon ng tropikal na bagyo at mag-iingat dahil maaaring magkaroon ng malalakas na hangin sa ibabaw ng tubig na malayo sa pampang.
- Kapag inilabas ang signal No. 3, patibayin ang lahat na nagagalaw na bagay, lalo na sa mga balkonahe at bubongan. Patibayin ang mga nakaimbak, scaffolding at pansamantalang istruktura. Ang hangin sa ibabaw ng tubig malayo sa pampang at sa matataas na lugar ay maaaring umabot sa lakas ng gale.
- Kapag inilabas ang signal No. 8, tapusin ang lahat ng pag-iingat bago magsimula ang malalakas na hangin.
- Kapag inilabas ang signal No. 9 o No. 10, dapat na natapos na ang lahat ng pag-iingat. Manatili sa loob ng bahay at lumayo sa mga nakahantad na bintana at pinto upang maiwasan ang lumilipad na mga debri.

### **Mga babalang signal sa malalakas na pag-ulan**

Mayroong tatlong antas ng babala: dilaw, pula at itim.

Ang dilaw na hudyat ay nagbibigay ng babala sa potensiyal na malakas na pag-ulan na maaaring umabot sa pula o itim na babala na mga kalagayan. Magkakaroon ng pagbaha sa mabababa at mga lugar na may di-maayos na paagusan. Maaari ring magdala ng rumaragasang pagbaha ang malakas na pag-ulan.

Ang pula at itim na babalang hudyat ay nagbababala na malamang na magdulot ng matinding pagbaha sa mga lansangan at pagsisikip ng trapiko.

### ***Dilaw na babalang signal ng malakas na pag-ulan***

Bumagsak na ang malakas na ulan o inaasahan itong babagsak sa pangkalahatan sa buong Hong Kong, na lumalampas sa 30 milimetro sa isang oras, at malamang na magpapatuloy.

#### ***Pagkilos:***

- Maaari ring magdala ng rumaragasang pagbaha ang malakas na pag-ulan. Dapat na lumayo ang mga tao mula sa daanan ng tubig. Ang mga tao na malamang na maapektuhan ng pagbaha ay dapat na gumawa ng kinakailangang pag-iingat upang makaiwas sa pagkawala at pinsala.
- Makinig sa mga balita sa radyo at telebisyon para sa lagay ng panahon, at mga kalagayan ng lansangan at trapiko.

### ***Pulang babalang signal sa malalakas na pag-ulan***

Bumagsak na ang malakas na ulan o inaasahan itong babagsak sa pangkalahatan sa buong Hong Kong, na lumalampas sa 50 milimetro sa isang oras, at malamang na magpapatuloy.

#### ***Pagkilos:***

- Dapat suspindihin ang mga gawain sa labas ng mga empleyadong nagtatrabaho sa labas kung kinakailangan dahil sa lagay ng panahon.
- Dapat na maingat na isaalang-alang ng mga taong naglalakbay ang lagay ng panahon at lansangan.
- Nangyayari ang pagbaha o inaasahan itong mangyayari sa mga dakong inaagusan ng tubig dulot ng malakas na pag-ulan. Dapat na lumayo ang mga tao mula sa daanan ng tubig. Dapat na manatiling alerto sa lagay ng panahon ang mga taong naninirahan malapit sa mga ilog at dapat na isaalang-alang ang paglikas kapag binaha ang kanilang mga tahanan.
- Kapag inilabas ang pulang babala bago ang oras ng pasok sa trabaho, dapat pa ring pumasok sa trabaho ang mga empleyado tulad ng dati, kung mayroon pang mga serbisyo sa transportasyon. Hinihimok ang mga supervisor na maging makonsiderasyon sakaling totoong nahihirapan ang kanilang kawani na makarating sa trabaho nang nasa oras.
- Kapag inilabas ang pulang babala habang oras ng opisina, ang mga empleyadong nagtatrabaho sa loob ay dapat na manatili sa kanilang mga tungkulin tulad ng dati maliban kung mapanganib nang gawin ito. Ang mga

empleyado na nasa mga lugar kung saan sususpindihin ang mga serbisyo ng transportasyon ay dapat na pauwiin ayon sa pagpapasya ng supervisor. Sa paggawa ng ganitong pagpapasya, dapat isaalang-alang ng supervisor ang mga lagay ng panahon at lansangan.

### ***Itim na babalang signal sa malalakas na pag-ulan***

Bumagsak na ang malakas na ulan o inaasahan itong babagsak sa pangkalahatan sa buong Hong Kong, na lumalampas sa 70 milimetro sa isang oras, at malamang na magpapatuloy.

#### ***Pagkilos:***

- Manatili sa loob ng bahay/gusali o magkubli sa isang ligtas na lugar hanggang sa lumipas ang malakas na pag-ulan.
- Ang napakalalakas na ulan ay magdudulot ng mga biglaang pagbaha, at ang pagbaha ay mangyayari o aasahang mangyayari sa mga dinadaluyan ng tubig. Ang mga tao ay kailangang lumayo sa mga dinadaluyan ng tubig. Ang mga residente na naninirahan nang malapit sa mga ilog ay kailangang manatiling alerto sa kalagayan ng panahon at kailangang isaalang-alang ang lumisan kung ang kanilang mga tahanan ay maaaring bahain.
- Ang mga empleyadong nagtatrabaho sa labas ay dapat tumigil sa pagtatrabaho at sumilong.
- Pinapayuhan ang mga employer na huwag papasukin ang mga empleyado maliban kung patiuna nang napagkasunduan na may kaayusan sa trabaho sa panahon ng malakas na pag-ulan.
- Ang mga tao na nasa trabaho na ay dapat na manatili kung nasaan man sila maliban kung mapanganib na manatili roon.

### **Babala sa pagguho ng lupa**

Ang Hong Kong Observatory ay maglalabas ng babala sa pagguho ng lupa kaugnay ng Geotechnical Engineering Office kung saan may malaking panganib sa maraming pagguho ng lupa bilang resulta ng tuloy-tuloy na malakas na pag-ulan. Kapag nakatanggap ka ng abiso na lumikas dahil sa panganib ng pagguho ng lupa, o naniniwala ka na nanganganib ang iyong tahanan sa hindi matatag na libis o pampigil na pader o dike, o nakabitin nang malalaking bato, dapat kang kumilos nang mabilis patungo sa ligtas na kanlungan.

## **Mga Espesyal na Anunsiyo tungkol sa Pagbaha sa Hilagang New Territories**

Isang Espesyal na Anunsiyo tungkol sa Pagbaha sa hilagang New Territories ang iiisyu ng Hong Kong Observatory kailanman na ang malalakas na ulan ay nakaka-apekto sa lugar at ang pagbaha ay inaasahang mangyayari o mangyayari sa mabababang kapatagan ng hilagang New Territories. Ang espesyal na anunsiyo ay inilaan upang pakilusin ang puliko na magsagawa ng mga hakbang na pag-iingat laban sa pagbaha at upang alertuhin ang mga magsasaka, mga nagpapatakbo ng palaisdaan, mga engineer, kontraktor at iba pa na posibleng makaranas ng kawalan dahil sa mga pagbaha. Inaalerto rin ng anunsiyo ang kinauukulang mga departamento ng pamahalaan at mga organisasyon upang magsagawa ng mga angkop na aksyon, tulad ng pagbubukas ng mga pansamantalang masisilungan, mga operasyong search at rescue, pagsasara ng mga indibidwal na paaralan at relief work. Ini-iisyu ito maging sa iba pang matitinding babala ng panahon, halimbawa ay mga signal ng bagyo o mga signal ng malalakas na pag-ulan, ang namamayani.

### **Anunsiyo ng Localised na Malakas na Ulan**

Sa pagsangguni sa operasyon ng Special Announcement on Flooding sa hilagang New Territories, ang pag-iisyu ng Anunsiyo ng Localised na Malakas na Ulan ay batay sa nakatalang dami ng pag-ulan, halimbawa, kapag ang patak ng ulan ay 70 milimetro o higit pa ay naitala sa isang oras sa mga indibidwal na distrito ng Hong Kong, na maaaring magdulot ng matitinding pagbaha at mga panganib sa mga distrito. Kung ang malakas na ulan sa panahong iyon ay hindi umabot sa pangkalahatan ng Hong Kong at umabot sa kriterya para sa isang Red o Black Rainstorm Warning Signal, ang Observatory ay mag-iisyu ng Anunsiyo ng Localised na Malakas na Ulan, na tinutukoy ang mga apektadong distrito at ang kaukuang naitalang dami ng pag-ulan, upang alertuhin ang publiko sa posibleng pagbaha dahil sa malakas na ulan sa mga distrito, upang magsagawa ng mga hakbang na pag-iingat. Ang anunsiyo ay magpapaala-ala rin sa mga kinauukulang departamento ng pamahalaan na magsagawa ng mga naaangkop na aksyong pagtugon, tulad ng mga hakbang kapag may emergency upang maibsan ang epekto ng pagbaha sa mga kinauukulang distrito.

## Mga paraan upang makatanggap ng impormasyon sa lagay ng panahon

Dial-a-weather System  
Website ng Hong Kong Observatory

**1878-200**  
[www.hko.gov.hk](http://www.hko.gov.hk)  
[www.weather.gov.hk](http://www.weather.gov.hk)

Mobile App “MyObservatory”

[www.hko.gov.hk/myobservatory\\_e.htm](http://www.hko.gov.hk/myobservatory_e.htm)  
O i-scan ang QR code sa ibaba



iPhone



Android



Windows  
Phone

## Home Affairs Department (HAD) Emergency Relief Services

Sa kaganapan ng isang tropical cyclone warning signal No.8 o mas mataas pa, ang landslip warning o red/black rainstorm warning ay mamamayani, ang Emergency Co-ordination Centre ng Home Affairs Department na may emergency hotline na **2835-1473** ay pagaganahin nang may walang tigil na magmamamanman upang sumagot sa mga mahahalagang tanong ukol sa mga bagay-bagay na hindi teknikal ang pinagmulan at magbibigay ng tulong sa publiko.

## Mga pansamantalang tuluyan

Sa panahon ng mga emergency, ang naaangkop na pansamantalang masisilungan (mga pansamantalang masisilungan) ay bubuksan upang magamit ng publiko kung at kailanman kakailanganin sa diskresyon ng kaukulang Opisyal (Mga Opisyal) ng Distrito.

Nagbibigay din kami ng mga pansamantalang masisilungan sa mga taong mangangailangan kung sakaling napakalamig o napaka-init ng panahon. Saan man naaangkop, ang mga pagkain, kumot at kutson ay ibibigay sa mga gumagamit ng silungan.

## **Mga Emergency Coordination Centre**

Ang Emergency Co-ordination Centre ng Home Affairs Department ay nakikipagtulungan sa iba pang mga departamento at ahensiya upang matiyak na ang kanilang mga gawain ay maayos na naiipaalam sa pagbibigay ng pang-emergency na tulong, at upang makapagsaayos ng pansamantalang matutuluyan para sa publikong apektado ng mga likas na sakuna.

Ang Interdepartmental Help Desk ay isasalugar din sa eksena o sa mga ospital sa panahon ng mga pangunahing emergency na insidente tulad ng biglang pagkakaroon ng No.3 o mas mataas pang alarma ng sunog upang maipaalam ang mga gagawing tulong.

